LIHAM NG APPOINTMENT PARA SA MULING PAGSERTIPIKA NG CALFRESH

Petsa :
Numero ng Kaso :
Pangalan ng Kaso :
Pangalan ng Manggagawa :
Numero ng Manggagawa :
Telepono ng Manggagawa :
Direksiyon :

Kayo ay binigyan ng paunawa na ang inyong panahon ng sertipikasyon ng CalFresh ay matatapos sa _____.
MM/DD/CCYY

Kailangan ninyo ng isang panayam upang patuloy na makatanggap ng mga benepisyo ng CalFresh. Ito ang inyong liham ng appointment para sa inyong panayam.

☐ Kayo ay may appointment para sa panayam sa telepono tungkol sa muling pagsertipika ng CalFresh. **Kung mas gusto ninyong kapanayamin nang personal, mangyaring tawagan ang county sa numerong nasa itaas para sa appointment.**

PETSA NG APPOINTMENT:	ORAS NG APPOINTMENT:
INYONG NUMERO NG TELEPONO:	ALTERNATIBONG NUMERO NG TELEPONO:

Tatawagan namin kayo sa numero ng telepono na ibinigay sa itaas. Kung ang numero ay hindi tama, dapat ninyong tawagan kami at ibigay ang isang numero kung saan kayo makakausap para sa inyong panayam. Napakahalagang magawa namin na makausap kayo. Maaaring gustuhin ninyo rin na magbigay ng isang alternatibong numero ng telepono kung saan kayo makakausap. Ang mga numero ng telepono ng County ay maaaring harangan. Kung ang inyong telepono ay hindi tumatanggap ng mga hinarangang numero, maaaring hindi ninyo makuha ang tawag sa telepono para sa inyong panayam sa telepono, at ang inyong mga benepisyo ay maaaring maantala. Kung hindi ninyo nagawa ang inyong nakatakdang panayam kakailanganin ninyong muling magpatakda ng inyong panayam. Tawagan ang county sa numerong nasa itaas o pumunta sa direksiyon ng opisina na nakalista sa itaas upang muling itakda ang inyong panayam.

☐ Kayo ay may appointment para sa harapang panayam tungkol sa muling pagsertipika ng CalFresh.

PETSA NG APPOINTMENT:	ORAS NG APPOINTMENT:

PANGALAN NG OPISINA NG COUNTY:

DIREKSIYON NG OPISINA NG COUNTY:	LUNGSOD:	ESTADO:	ZIP CODE:

MAHAHALAGANG PAALAALA

- Ang kabiguang makumpleto ang panayam na ito ay maaaring magresulta sa pagkaantala o maaaring tumapos sa inyong mga benepisyo ng CalFresh.
- Kung hindi ninyo nakumpleto ang inyong panayam sa loob ng takdang panahon na nakalista sa liham na ito, responsibilidad ninyo na muling ipatakda ito.
- Upang baguhin ang inyong appointment, mangyaring makipag-ugnayan sa county.
- Ang kinakailangang pagpapatunay ay dapat ipasok sa loob ng 10 araw pagkaraang hingin ito ng county. Mangyaring sabihin sa county kung kailangan ninyo ng tulong sa pagkuha ng impormasyong ito. Ang county ay makakatulong sa inyo na makuha ito.

MGA KOMENTO: